# Hesperian Health Guides

# Kabanata 27: Bagong Panganak na Sanggol at Pagpapasuso

Bagong Kapag Walang Doktor > Kabanata 27: Bagong Panganak na Sanggol at Pagpapasuso

## Mga nilalaman


- 1 Sa kabanatang ito:
- 2 Maayos ba ang paghinga ng sanggol?
  - 2.1 Kung ang sangol ay nanlalata, nangangasul, o hindi humihinga
  - 2.2 Pansagip na paghinga
- 3 Panatilihing mainit-init ang sanggol – lapat sa balat ng nanay
- 4 Simulan ang pagpapasuso
- 5 Sanggol na napaaga ang pagsilang at sanggol na maliit


**Sa kabanatang ito:**

# Agad na pangangalaga pagkapanganak

Sa unang oras pagkapanganak, makakatulong ang ilang simpleng aksyon na mabuhay ang sanggol at maging malusog sa pangmatagalan:

**1.** Tiyaking maayos ang kanyang paghinga.

**2.** Panatilihin siyang mainit-init at tuyo, at nakadikit sa nanay nang balat-sa-balat.

**3.** Tulungan siyang makasimula ng pagsuso.

### Maayos ba ang paghinga ng sanggol?

Habang iniluluwal ang sanggol, at pinapatuyo mo at nilalagay sa suso ng nanay, alamin mo kung maayos ang kanyang paghinga. Kung maagap kang kikilos, madalas maililigtas mo ang sanggol na hindi humihinga.



Malakas na
braso at binti
Magandang
kulay

Humihinga
nang maayos,
o umiiyak

*Mukhang malusog ang sanggol na ito*



Nanlalata
Madilim na pula
o ube ang kulay, o nangangasul, maputla, o parang abo
Nahihirapang huminga, o walang palatandaan na humihinga o umiiyak

*Kailangan ng sanggol na ito ng **mabilis** na tulong*

**Kung ang sangol ay nanlalata, nangangasul, o hindi humihinga**

Huwag paluin ang sanggol.

**1. Alisin ang uhog o sipon mula sa bibig ng sanggol** sa pamamagitan ng maingat na pagpunas gamit ang daliri na balot ng malinis na tela. O gumamit ng goma na balbula o panghigop para alisin ang uhog o sipon mula sa bibig, tapos sa ilong.





**2. Hagurin pataas at pababa nang medyo madiin ang likod ng sanggol.** Gumamit ng tuwalya o malinis na tela para painit-initin at patuyuin siya nang sabay. Hagurin din ang talampakan niya. Malamang pupukawin siya nito nang sapat para magsimulang huminga nang maayos at malakas.

Kung hindi pa ring huminga ang sanggol, o tumigil sa panghinga, kailangan mong bigyan ng pansagip na paghinga.

**Pansagip na paghinga**

**1. Ilagay ang sanggol sa matibay na mahihigaan:** sa lamesa o sahig. Lagyan ng tela sa ilalim at kumutan siya nang sapat lang para manatiling mainit-init.

**2. Itaas nang bahagya ang baba niya,** para nakaturo ito pataas nang kaunti, sa gawing kisame. Makakatulong ang paglagay ng maliit na binilot na tela sa ilalim ng balikat niya. Pananatilihin nitong bukas ang lalamunan niya para sa paghinga.




*Dapat nakaharapnang diretsong pataasang sanggol, tulad nito.*



*Hindi tulad nito.*

**3.** Ibuka nang malaki ang bibig mo. **Ilapat ang labi mo na napapaloob ang __bibig AT ilong__ ng sanggol.**



*Puwede kang gumamit ng bag at maskara sa halip na bibig mo.*

**4. Bumuga ng hangin papasok sa sanggol. Maliliit na buga lang ang gamitin.** Magbigay ng isang maliit at mabilis na buga ng hangin tuwing 1 o 2 segundo. Ingatan na hindi bumuga nang sobrang lakas at baka mapinsala mo ang maliliit na baga ng sanggol.

**Matapos ang bawat buga, maghintay nang saglit para makahinga palabas ang sanggol.**



*1 at…*




*Buga.*

Kung mukhang hindi pumapasok ang hangin, huminto. Itaas ang baba ng sanggol para matiyak na nakaturo ito nang diretsong pataas at nakabuka ang lalamunan. Saka subukan ulit.

Kung magsimulang umiyak ang sanggol, o huminga nang mag-isa ng di bababa sa 30 beses sa isang minuto, OK na siya sa ngayon. Ilapat siya sa dibdib ng nanay at panatilihing mainit-init. Malamang iige na ang lagay niya. Pero bantayan siya sa susunod na ilang oras. Maganda ba ang kulay ng sanggol? Nadadalian na ba siya sa paghinga? Kung mangasul ang sanggol sa palibot ng katawan o bibig, o mahirapan sa paghinga, maghanap ng tulong.

Kung sa lampas 20 minuto ng pansagip na paghinga ay hindi magsimulang huminga nang mag-isa ang sanggol, malamang mamamatay siya. Manatili sa piling ng pamilya sa panahong ito ng pagdadalamhati. Kakailanganin nila ang iyong atensyon at pagkalinga.

## Panatilihing mainit-init ang sanggol – lapat sa balat ng nanay



Ilapat ang sanggol sananay
nang balat-sa-balat.

Takpan ang ulo ng
sanggol ng pamandong
o kumot.

**Nakalapat sa nanay–ito ang pinakamahusay na puwesto ng sanggol**.

Dapat panatilihing **mainit-init** at **tuyo** ang bagong sanggol. Magmumula sa init ng katawan ng nanay ang tamang init para sa sanggol. Huwag alisin ang sanggol sa nanay para suriin o paliguan. Hindi kailangan ng sanggol ang agad na paligo – at maaari siyang malagay sa mapanganib na paglamig. Walang dahilan para paghiwalayin ang nanay at sanggol – maliban kung kailangan mong magbigay ng pansagip na paghinga.

- **Patuyuin ang sanggol** habang inilalapat mo siya sa balat ng nanay.
- **Painit-initin ang sanggol** sa paglagay sa kanya nang nakahubad sa dibdib ng nanay na hubad din. Saka sila parehong takpan ng kumot o tela. Maagap na palitan ang basang kumot ng tuyo dahil giginawin ang sanggol sa basang tela.

Kung kailangang dalhin sa ospital ang nanay, o kung sa anumang dahilan ay hindi agad maisama sa kanya ang sanggol, maaaring gawin ng tatay o sinumang kapamilya ang paglapat sa sanggol nang balat-sa-balat.

## Simulan ang pagpapasuso



Karaniwan ay nakakatulog ang sanggol sa loob ng isang oras pagkapanganak. Dapat makasuso ang sanggol bago makatulog. Kaya kung hindi siya agad susupsop, subukang magpiga ng ilang patak ng unang gatas ng ina sa labi ng sanggol para magka-interes siya. O kaya ay haplusin ang sanggol sa pisngi ng utong ng nanay. Walang makapantay sa pagpapasuso sa pagtiyak ng kalusugan ng sanggol. Para sa dagdag na kaalaman sa pagpapasuso at sa halaga ng pagbigay ng colostrum, ang unang gatas ng ina, mag-click dito.

## Sanggol na napaaga ang pagsilang at sanggol na maliit



*Hayaan ang mga sanggol na maliit na nakalapat nang balat-sa-balat sa unang ilang linggo.*

Kailangan ng dagdag na pag-asikaso ang sanggol na napaaga ang pagsilang o maliit.

- Napaaga ang pagsilang kung lumabas bago mag 8 ½ buwan ng pagbubuntis.
- Maliit kung mas magaan sa 2.5 kilo (5 ½ libra).

O kaya ay tingnan lang ang sanggol: mukha bang sobrang liit o payat?

Baka mangailangan ang mga sanggol na ito ng dagdag na tulong para magsimulang sumuso at manatiling mainit-init. Mas madali silang makakuha ng impeksyon at iba pang problemang pangkalusugan

Hayaan ang sanggol na nakalapat nang balat-sa-balat, at may takip sa ulo para manatiling mainit-init. Gisingin ang sanggol para sumuso tuwing ikalawang oras hanggang sa lumakas at lumaki ang katawan. Kung nahihirapang sumuso, bigyan siya ng kaunting gatas mula sa suso gamit ang maliit na tasa o kutsara. Para matuto ng manu-manong pagpalabas ng gatas para maibigay sa tasa, mag-click dito.

Ikinuha mula sa
"http://fil.hesperian.org/hhg/New_Where_There_Is_No_Doctor:Kabanata_27:_Bagong_Panganak_na_Sanggol_at_Pagpapasuso"
© Copyright 2013 Hesperian Health Guides. All rights reserved. Email:
hesperian@hesperian.org
tel: (510) 845-1447 | toll free in the USA: (888) 729-1796 | fax: (510) 845-0539